# <u>Salaysay ni Bb. Marinel S. Ubaldo</u>

**Marinel S. Ubaldo**, 21 taong gulang, taga-Matarinao Salcedo, Eastern Samar.

*(Ang Salaysay ni Marinel S. Ubaldo ay kinuha noong ika-5 ng Hulyo 2018 sa Canto Fresco, 279 Burgos Street, Downtown, Tacloban City, Leyte. Ang Salaysay ay kinuha ni Atty. Hasminah D. Paudac, kasama si Bb. Desiree Llanos Dee.)*

**Q1: Maaari mo ba kaming bigyan ng kaunting personal na impormasyon o *background* tungkol sa iyo?**

A1: Ako po ay isang *4^th^ year college student* na kasalukuyang nag-i-*intern* sa isang komunidad sa Basey, Samar. Lumaki po ako sa Matarinao Salcedo, Samar. Kami po ay naninirahan sa pinakadulo ng isang *coast* o baybayin na nakaharap sa Pacific Ocean. Ang tatay ko ay isang mangingisda at ang nanay ko ay *housewife* na tumutulong sa tatay ko sa pagdadanggit at pagbebenta nito. Ako ang bunso sa tatlong magkakapatid na babae.

**Q2: Kumusta naman ang iyong kabataan sa Matarinao?**

A2: Sa lugar namin noon wala masyadong sasakyan. Naglalaro lang kami sa puting buhangin sa may gilid ng dagat. Iyon na ang kinalakihan namin na kapaligiran. Pumupunta kami sa dagat at kumukuha ng *shells*. Noong bata ako, hindi problema kung ano ang mauulam namin kasi pwede kaming kumuha ng makakain sa dagat. Diyan lang sa tabi, kahit hindi na pumalaot ng malayo, marami na kaming makukuhang isda. Ang tatay ko, pupunta lang sa tabing-dagat, makakakuha na siya agad ng isda. Iyan ang naging kabuhayan namin, kaya hindi na kami kailangan bumili. Aakyat lang ako sa tuktok doon sa may lugar namin, makikita ko na ang napakaraming puno ng niyog. Ang lolo ko po ay mayroon tanim na mga niyog.

**Q3: Malapit kayo sa Pacific Ocean, kumusta naman ang bagyo sa lugar niyo?**

A3: Naging parte ng aking kabataan ang mga bagyo kasi dinadaanan talaga ang lugar namin. Kalimitan *signal number* 2 at hanggang 3 lang. Iyong pinakamalakas na *signal number* 3 ay kaya pa rin naman. *Bearable* pa at hindi nasisira ang bahay namin. Hindi rin namin kailangan mag-*evacuate*. Ngayon, hindi na kaya kasi *super typhoon* na talaga. Pag dumarating na ang bagyo, natatakot na kami at nag-e-*evacuate*. Nasisira rin ang bahay namin tulad noong nangyari sa Yolanda.

**Q4: Maaari mo bang isalaysay kung ano ang nangyari noong Yolanda?**

A4: *November* 7 ng gabi wala ng kuryente sa amin. *Okay* pa naman ang hangin at temperatura. Parang normal lang at matiwasay. Mga alas-

tres ng umaga ng *November* 8, nagising ako sa iyak ng mga magulang ko at ang iba pa naming kasama sa evacuation center. Mga alas tres o alas-kwatro noon, hindi ko maintindihan ang tunog ng hangin. Kakaiba at napakalakas. Pinsan ko sumisigaw noon at lahat nagkakagulo kasi mag-e-*evacuate* kami dahil baka mag-*tsunami* na. Iyong tatay ko at mga kalalakihan sa amin ang nagbabantay sa paglaki ng alon sa dagat.

**Q5: Saan kayo nag-*evacuate*?**

A5: Sa may lumang *day-care center* na mga sampung metro lang ang layo sa bahay namin, pero nakataas o *elevated* siya ng kaunti kaya pakiramdam namin ay ligtas kami roon.

**Q6: Sino kasama mong nag-*evacuate*?**

A6: Buong pamilya ko nag-*evacuate*. Pati mga tita at tito ko kasama ang mga pamilya nila.

**Q7: Anong nangyari noong nag-*evacuate* kayo?**

A7: Noong araw na iyon, ang dala ko lang ay isang *shoulder bag* at *encyclopedia* na hiniram ko sa *library* namin. Gusto ko lang mag-basa sa *evacuation center* habang pinapalipas iyong bagyo. Ang laman naman ng *shoulder bag* ko ay *charger*, *ballpen*, *notebook*, at *cellphone* ko. Hindi ako nagdala ng damit kasi akala ko panandalian lang kami roon at hindi masisira iyong bahay namin. Maraming bagyo na ang dumaan at kapag nag-e-*evacuate* kami kaunti lang talaga dala namin. May kahon lang kaming dadalhin at iyon na. Iyong *storm surge*, akala namin ay lalaki lang ang tubig. Hindi namin alam dati ang ibig sabihin noon e.

Noong kasagsagan ng bagyong Yolanda, may nakita ako na nanay na malapit na mapugutan ng ulo dahil sa mga nagliparang *G.I. sheets*. Ang mga *G.I. sheets* parang papel lang na nagliliparan. Tapos nakita ko pa na ang nanay na iyon na bitbit niya ang anak niya na nagkukumbulsyon pa.

**Q8: Sa panahong iyon, ano ang sumagi sa isip mo?**

A8: Naisip ko nga, na-*corrupt* ba ang pondo ng *gymnasium* namin at bakit ang daling mabaklas? Marami akong nakitang mga bahay sa harap ng *day-care center* na pinag-*evacuate*-an namin na nasira at nagtumbahan.

**Q9: Bukod dito, ano pa ang mga nakita at naranasan mo noong araw na humagupit ang bagyong Yolanda?**

A9: Noong Yolanda, hindi ko maipaliwanag iyong mga nakita at narinig ko. Ang daming taong nagdagsaan sa *evacuation center* namin, mga batang nag-e-*evacuate* kasi nasira iyong tinuluyan nilang *evacuation center*. Makikita mo mga nanay natutumba sa harapan mo, mga *G.I sheets* na lumilipad kung saan-saan.

Sa barangay namin 11 ang namatay. Sa *evacuation center* kung nasaan kami tumuloy, nasira iyong bubong at ang mga salamin nabasag. Pati mga pintuan nakalas. Nasugatan din po ako kasi iyong mga salamin ng bintana nabasag at lumipad. Tatay ko rin po nasugatan sa braso.

**Q10: Ano ang nangyari pagkatapos?**

A10: Noong humupa na ang bagyo at humina na ang hampas ng hangin, bumalik ang tatay ko sa bahay namin. Laking gulat niya na wala na pala ang bahay namin. Na-*wash out* at ang tanging natira ay tatlong maliit na haligi at ¼ na *flooring*. Wala na ang lahat ng gamit namin.

Bago mag-Yolanda, inayos ng tatay ko mga gamit namin at siniguro na hindi ito masisira. Nilagyan niya ng mga lubid iyong T.V. namin at *cabinet* para kung masira, hindi magkakahiwa-hiwalay. Kaso wala rin po. Nawala lahat.

**Q11: Ikaw, ano ang ginawa mo pagkahupa ng malakas na ulan at hangin?**

A11: Bumalik ako sa bahay namin kahit malakas pa ang hangin. Gusto ko kasi makita ang nangyari… makita mismo ng mga mata ko. Sinuong ko ang malalaking bato, mga puno ng niyog, *G.I. sheets*, at bakal na nagliliparan. Kahit hindi pa ligtas para bumalik, bumalik po ako kasi sa isang kahon na naiwan ko na may *sentimental value* po sa akin.

**Q12: Ano ang halaga ng kahon na iyon para sa iyo?**

A12: Naroon po lahat ng mga *literary works* ko. Mga tula at mga isinulat ko po, mga medalya na nakuha ko po, mga *certificates*, pati ang ibang *uniform* ko naroon po. Para sa akin, iyong kahon na iyon na naglalaman ng mga personal kong gamit ang sumisimbolo ng kung sino ako, ang pagkatao ko, ang narating ko, at ang halaga ko.

**Q13: Nakita mo ba iyong kahon na hinahanap mo?**

A13: Hindi po. Wala na akong nabalikan. Napaupo na lang ako sa kalsada na parang nawindang na po. Wala na po akong narinig noon. Nawala bahay namin. Naisip ko paano ako mag-aaral ulit… iyong mga libro ko, uniporme ko… wala naman pambili magulang ko. Nawalan talaga ako ng lakas. Mabuti na lang nakita ko ang pusa ko na buhay pa. Doon sa tulay nakaupo ako at umiiyak.

**Q14: Ano ang nangyari pagkatapos?**

A14: Noong araw na iyon, pumunta pa ako sa may *mangrove forest*. Mahigit na sampung ahas ang nakasalubong ko. Hinahanap ko nga kasi iyong kahon na iyon. Nangibabaw iyong kagustuhan kong makita at makuha iyong kahon ko kahit hindi ligtas at napakaraming ahas.

Noong nalibot ko na, hindi ko nakita ang kahon. Umiiyak ako pauwi at sa paglalakad ko ang dami kong nakitang patay na hayop… mga aso… pusa.

**Q15: Ano ang buhay ninyo ilang araw makalipas ang bagyong Yolanda?**

A15: Mga tatlong araw *isolated* kami. Wala kaming matinong pagkain o makain. Iyong ibang magsasaka may kaunting *root crops*… *cassava*. Araw-araw iyon ang kinakain namin… *cassava* lang. Kung ano na lang makita namin, iyon na kakainin namin kasi walang *supply* ng pagkain. Wala ring kuryente at tubig. Basa kami. Walang palitan ng damit. Kung ano ang suot namin noong araw na bumagyo, iyon pa rin ang suot namin ilang araw makalipas. Sa daan na kami naliligo pag nakakakita kami ng tubig. Sa bomba kami umiinom noon. Iyong dalawang pamangkin ko na mga sanggol pa noon, *cassava* din ang kinakain nila kasi walang *baby food*.

Sa totoo lang, hindi ako naka-*move on* sa nawawala kong kahon kasi andoon ang *identity* ko, ang pangarap ko.

**Q16: Ilang taon ka noong humagupit ang bagyong Yolanda?**

A16: 16 *years old* ako, *graduating* sa *high school*.

**Q17: Ano ang naging epekto sa iyo ng iyong karanasan sa bagyong Yolanda?**

A17: Tuwing nakakarinig ako ng hampas ng dagat, nanginginig ako. Para akong may sakit sa puso. Balisa ako at hindi mapalagay. Kahit nga ulan lang ay parang takot ako kasi baka mangyari ulit iyong Yolanda. Nagka-*trauma* ako sa ulan at sa dagat. Na-trauma ako ng makakita ako ng mga patay sa dagat. Andoon iyong lagi akong nagdududa, nababahala, hindi mapakali… Tatlong taon ang nakalipas bago ulit ako nakatungtong sa dagat.

Iyong dagat, kaibigan namin iyan. Kasama namin iyan sa aming paglaki. Ngayon, kapag nakikita ko o namin, masama ang tingin namin. *Cruel* ang dagat. Papatay ng tao.

Dumating rin ako sa puntong naging desperada na ako. Binalak kong pumunta ng Maynila para maghanap ng trabaho. Nag-impake na ako kaso iyak ng iyak ang tatay ko at pinakiusapan ako na sa Tacloban na lang kasi malayo ang Maynila at hindi nila ako makikita ng matagal.

**Q18: Nakapagtrabaho ka ba?**

A18: Oo, na-obliga ako. Wala akong *choice* kasi wala akong maaasahan. Kapag hindi ako magta-trabaho, hindi ko mapagpapatuloy pag-aaral ko. Pagkatapos ng Yolanda kasi, mas lalong nawalan ng katiyakan ang kinabukasan ko. Sabi ng tatay ko huwag na kami mag-aral dahil sapat na raw na marunong kami magsulat ng pangalan namin.

**Q19: Nakapagpatuloy ka pa sa pag-aaral?**

A19: Hindi po agad. Tumigil ako pumasok noong *November* 2013 hanggang *March* 2014. Noong *March* lang nagbukas ang paaralan

namin at *fast track* lahat ng *lessons* namin. Pinagraduate na kami agad noong *April 2014*.

**Q20: Paano ang buhay mo noong pinagsasabay mo ang pag-aaral at pagta-trabaho?**
A20: Ginagawa ko noon, nagfa-*facilitate* ako sa *trainings* tapos nagtitinda rin ako sa *school*… mga papel, *ballpen*. Kung may PhP100.00 ako, ibibili ko iyon ng gamit na pwede kong itinda. Mahirap pero kinailangan kong magtrabaho para may pangtustos.

**Q21: Kumusta naman ang kabuhayan ng inyong pamilya pagkatapos ng nangyari dahil sa bagyong Yolanda?**
A21: Ang hirap ng buhay noon. Walang-wala. Hindi makapangisda sa amin ng ilang buwan kasi napakaraming patay na tao at hayop sa dagat. Kinailangan pang pumunta sa ibang lugar, sa Borongan, Eastern Samar, para lang makapangisda. Malimit wala pang huli, kaya noong hindi na kaya ng nanay ko, umalis siya sa bahay namin at iniwan kami. Naghanap ng ibang lalaki at doon siya sumama.

**Q22: Ano ang naging epekto sa iyo nito?**
A22: Napakahirap. Napakasakit pero kailangan maging matatag. Noong mga panahon na iyon nagpunta ako sa Tacloban at ibinalita lang sa akin ng tatay ko. *Suicidal* na ang tatay ko at hindi na siya nakakapunta sa dagat para maghanap-buhay. Hindi na rin siya kumakain, hindi na rin natutulog. Iyong naiipon ko pinapadala ko sa amin para makatulong sa pang araw-araw na gastusin.

**Q23: Ano sa tingin mo ang sanhi ng malakas na bagyong Yolanda?**
A23: Hindi ko talaga alam kung ano nagdulot noon. Pero sa tingin ko, hindi lang ito dahil sa maling gawain ng mga tao. *Climate change* na rin siguro ito.

**Q24: Paano mo nalaman itong *climate change*?**
A24: Bago mag-Yolanda, naging aktibo ako sa *climate change adaptation and mitigation advocacies*. May mga NGO, tulad ng Plan International, na nagpunta sa paaralan namin para mag-*sensitize* sa amin at nagturo tungkol dito.

May Barangay Children's Association (BCA) nga kaming nabuo bago ang Yolanda. Pero *basic training* lang tungkol sa *climate change*… i-*determine* ang *safe evacuation areas*. Nabuo ito pagkatapos ng isang *leadership training*. Sumasali kami sa *mapping* ng mga *vulnerable* o *hazard areas*. Pagkatapos ng Yolanda mas dumami iyong *trainings*.

**Q25: Mayroon ka pa bang nais sabihin bukod sa iyong nasabi na?**
A25: Naisip ko lang, itong mga malalaking kumpanya na marahil sanhi ng *climate change*… sila ang may kapasidad, dapat may gawin sila. Parang hindi tama at *unfair* kasi sila ang nagdulot nito at may kapasidad para tumugon dito… kami wala namang ginagawa, pero

bakit kami ang nagsa-*suffer*? Sa mga malalaking kumpanyang dapat mag-umpisa ang aksyon.

**Q26: Handa ka bang panumpaan ang salaysay mong ito kung kinakailangan?**

A26: Opo.

**Marinel S. Ubaldo**
Ika-7 ng Setyembre 2018